




Pagbabawi ng Pagkain at Pag-recycle ng Organikong Basura Mga Kailangan para sa Tier One na Mga Negosyo

Nakatanggap ka ng impormasyong ito dahil ang iyong negosyo ay itinalaga na Tier One na Bumubuo ng Pangkomersyong Nakakain na Pagkain ayon sa kautusan ng California Senate Bill 1383.

Ang Tier One na Bumubuo ng Pangkomersyong Nakakain na Pagkain ay kabilang ang

- ✓ Mga Supermarket na may gross na taunang benta na \$2,000,000 o higit pa.
- ✓ Mga Tindahang Groserya na may laki ng pasilidad na 10,000 sq. ft. o higit pa.
- ✓ Mga Tagapagbigay Serbisyo ng Pagkain.
- ✓ Mga Tagapamahagi ng Pagkain.
- ✓ Pakyawang Mga Tagapagtinda ng Pagkain.



Ang Senate Bill 1383 ay nangangailangan ng nakatalagang Tier One na mga negosyo na magbigay ng sobra na nakakaing pagkain sa mga organisasyon ng pagbawi ng pagkain. Ang batas ng estado ay nangangailangan sa mga negosyong ito na i-recycle ang organikong basura (hindi-nakakaing pira-pirasong pagkain, nadumihang papel at basura sa bakuran) simula sa **Enero 1, 2022**. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang recyclingworks.com.

Bakit Mahalaga ang Batas na Ito



NAGPAPABABA NG METHANE - ang nabubulok na organikong basura sa mga landfill ay nagbubuga ng methane, isang uri ng gas na humuhuli sa init ng araw, nag-aambag sa pagbabago ng klima at **84 na beses na mas makapangyarihan kaysa sa carbon dioxide**.



NAGTITIPID SA ESPASYO NG LANDFILL - Ang Miramar landfill ay nakakaabot sa kapasidad. **Halos 39% ng materyal na ipinadala sa Miramar landfill ay organikong basura**. Ang pagbibigay ng nakakaing pagkain at pag-recycle ng organikong basura ay makatutulong sa pagpapahaba sa buhay ng landfill.



NAGPAPAKAIN NG MGA TAO - Higit sa anim na milyong tonelada ng pagkain ay nasayang bawat taon **habang milyun-milyong mga Taga-California ang hindi sigurado ang pagkain, kabilang ang isa sa limang mga bata**.



Narito Kami Upang Tutulong



Ang kawani ng Lungsod ay magbibigay ng sumusunod na libreng teknikal na tulong upang matulungan ang iyong negosyo.

- Pinakamabuting mga kasanayan upang maiwasan ang pagbasura ng pagkain.
- Magtakda ng on-site na lugar sa pagkolekta ng organikong basura.
- Magtakda ng programang pagbabawi ng pagkain.
- Magkaroon ng pagbisita sa lugar at edukasyon ng kawani.

Makipag-ugnay sa sdrecyclingworks@sandiego.gov o 858-694-7000 upang maghiling ng tulong.



Environmental Services

Pagsunod sa Pagbawi ng Pagkain



PAKIKIPAGSOSYO SA PAGBABAWI NG PAGKAIN

Makipag-ayos sa isang **organisasyon sa pagbawi ng pagkain o serbisyo** upang kolektahin ang nakakaing pagkain o tanggapin ang nakakaing pagkain na ang iyong negosyo ay sariling naghakot sa kanilang pasilidad. Isang kontrata o kasunduan ay kailangan.

Tingnan ang **listahan ng mga organisasyon sa pagbawi ng pagkain** sa San Diego:

sandiego.gov/foodrecoverylist



PAGTATAKDA NG PAGHIHAWALAY/ PROSESO NG IMBAKAN

Ihiwalay ang lahat na nakakaing pagkaing sa mga itatapon. Ang mga pagkain na dati isinilbi sa mga kostumer ay hindi maaaring ibigay.

Suriin ang pagkain para sa pagkasira at i-tesk ang mga pakete kung wala bang butas, sirang mga selyo o may yupi/umbok na mga lata.

Ligtas na iimbak sa malinis, sisidlan ng pagkain. Ayon sa San Diego County Department of Environmental Health, iimbak ang mainit na pagkain sa 135°F o mataas, malamig na pagkain sa 41°F o mababa, o palamigin ang pagkain ng mababa sa 32°F.



MGA KINAKAILANGAN SA PAGTAGO NG MGA TALA

Pananatilihin ang sumusunod na tala

Listahan ng bawat organisasyon na nagbabawi ng pagkain na kumukolekta o tumatanggap ng iyong nakakaing pagkain (may pangalan, adres, info ng kontak).

Mga kopya ng kontrata o nakasulat na mga kasunduan.

Mga uri ng pagkain na binawi at prikwensiya ng donasyon.

Ang dami ng nakakaing pagkain na binawi sa libra bawat buwan.

Alam Mo Ba

- Ang Akta ng Mabuting Samaritano ay pumoprotekta sa mga negosyo mula sa pananagutan kung nagbibigay sa organisasyon ng pagbawi.
- Ang pagbawi ng pagkain ay potensyal na magligtas ng pera sa iyong negosyo sa pamamagitan ng mga benepisyo sa buwis na ibinigay ng Internal Revenue Service. Makipag-ugnayan sa tagapaghanda ng buwis para sa alituntunin.



Pagsunod sa Pag-recycle ng Organikong Basura



PANLABAS NA MGA SISIDLAN AT KOLEKSYON

Magkontrata ng isang **sertipikadong tagahakot ng basura** na magserbisyo ng **hindi nakakaing mga pira-pirasong pagkain at mga papel na nadumihan ng pagkain** ng hindi bababa sa isang beses isang linggo at **hindi-mapanganib na basurang kahoy sa bakuran** ng hindi bababa sa dalawang beses sa isang buwan.

Ang mga negosyong **sariling naghahakot, naghakot-balik o nagbahagi ng serbisyo** ay dapat magsumite ng mga dokumento sa City's Environmental Services Department.

Siguraduhin ang mga takip ay **mahigpit nakasarado, hindi tumatagos at hindi mabubutas ng daga**.


Ilagay sa **kombinyenteng mga lugar** sa lugar ng basurahan o tatapunan.



PANLOOB NA MGA SISIDLAN

Ilagay sa **kombinyenteng mga lugar** na kung saan ang organikong basura o mga pira-pirasong pagkain ay binubuo.

Malinaw na lagyan ng tarheta "Organikong Basura Lamang" o "Mga Pira-pirasong Pagkain Lamang."



KARATULA

Lagyan ng **karatula ang lahat na mga sisidlan sa loob at labas, mga lugar ng imbakan at mga nakapaloob** na nagpakita ng listahan ng mga bagay na tinatanggap.

Ang **mga sisidlan sa labas** dapat nagpakita ng pangalan ng tagahakot at numero ng telepono.



EDUKASYON AT PAGSASANAY

Ipaalam sa kawani ng programa ng pag-recycle ng organikong basura, tinatanggap na mga bagay at ang (mga) lugar ng sisidlan taun-taon o higit pa.

Magbigay ng edukasyon taun-taon sa mga kawani, bagong empleyado at kung mayroong mga pagbabago sa programang pag-recycle.